## Manwal Pang-Emerhensiya

# Ano ang gagawin sa mga oras ng emerhensiya o trouble

**<Tagalog>**

タガログ語版

Isinagawa at inilathala ng:
Kanagawa Local Authorities Study Group of International Policies
Oktubre, 2006

## Personal na Impormasyon

Pangalan:______________________ Blood type:__ Rh__
Tirahan:______________________
Araw ng kapanganakan:______________________
Nasyonalidad:______________________
Wikang kayang gamitin:______________________

## Kung saan maaaring kontakin ang pamilya

Pangalan:______________________ Relasyon:__________
Tel:______________ Cell-phone:______________
E-mail:______________________

## Pinagtatrabahuhan ko

Pangalan:______________________
Tel:______________________
E-mail:______________________

## Kung kinakailangan ng ambulansiya dahilan sa biglaang pagkakasakit o pagkakasugat:

**Tumawag sa 1 1 9 .**

- Kung nagkasakit ng biglaan o nasugatan ng malala, tumawag sa istasyon ng bumbero sa 119 para sa ambulansiya.

- **Kapag sumagot ang istasyon ng bumbero, sabihin ang mga sumusunod:**
  1. **Ito ay emerhensiya.**
  2. **Ano ang nangyari. (sabihin ang kalagayan ng sakit o sugat).**
  3. **Nasaan ka.**
  4. **Ang iyong pangalan at telepono.**

- Kung hindi ka marunong ng wikang Hapon, ipaki-usap sa mga taong nasa paligid ang pagtawag.

## Kung may sunog: Sumigaw ng "Sunog!" upang maipaalam sa mga tao.

**Tumawag sa 1 1 9 .**

- **Kung may sunog, sumigaw ng "Sunog!" upang maipaalam sa mga kapit-bahay.**
- Tumawag sa istasyon ng bumbero sa 119 para sa pamatay ng sunog.
- Delikadong patayin ang sunog ng nag-iisa.
- **Kapag sumagot ang istasyon ng bumbero, sabihin ang mga sumusunod:**
  1. **Mayroong sunog.**
  2. **Lugar ng sunog, tulad ng address o pangalan ng building.**
  3. **Kung ano ang nasusunog.**
  4. **Malapit na palatandaan, tulad ng building.**
  5. **Ang iyong pangalan at telepono.**
- Kung hindi ka marunong ng wikang Hapon, ipaki-usap sa mga taong nasa paligid ang pagtawag.

## Kung naging biktima ng krimen o nasangkot sa car accident:

**Tumawag sa 1 1 0 .**

- Kung nanakawan, naging biktima ng karahasan, nasangkot sa car accident o may nakitang insidente/aksidente, tumawag ng pulis sa 110.
- **Kapag sumagot ang pulis, sabihin ang mga sumusunod:**
  1. **Ano ang nangyari. (insidente /aksidente ito)**
  2. **Kailan ito nangyari. ( __ minuto na ang nakalipas matapos ang aksidente)**
  3. **Saan ito nangyari.(lokasyon o malapit na palatandaan tulad ng building)**
  4. **Mukha ng kriminal, suot na damit at katangian ng sasakyan.**
  5. **Ang iyong pangalan at telepono.**
- Kung hindi ka marunong ng wikang Hapon, ipaki-usap sa mga taong nasa paligid ang pagtawag.

## Sampung bagay na kaalaman ukol sa lindol.

Madalas magkaroon ng lindol sa Japan. Sa oras ng lindol, isagawa ang mga sumusunod na hakbang upang maiwasan ang sugat o sunog.

**●Sa oras na lumindol**

1. Kapag yumanig, protektahan muna ang sarili. Isara ang gas at iba pang mga bagay na maaaring pagmulan ng sunog.
2. Maghintay hanggang huminto ang yanig.
3. Panatiliin ang pagiging kalmante at kumilos ng maingat upang hindi masaktan sa mga nasirang bagay.
4. Buksan ang pintuan o bintana upang makasiguro sa daan palabas.
5. Huwag lalabas bigla ng bahay dahil baka mabagsakan ng mga bagay.
6. Lumayo sa mga bakod o gate dahil baka mabagsakan nito.

**●Matapos ang lindol**

7. Makinig sa mga impormasyon sa radyo o TV bago gumawa ng hakbang.
8. Siguraduhin ang kaligtasan ng pamilya at mga kapit-bahay.
9. Makipagtulungan sa pagligtas at pagsasagawa ng first-aid.
10. Bago mag-evacuate, siguraduhing isara ang main switch ng kuryente at gas.

## Lugar ng Evacuation ng Aking Pamilya (kung saan magkikita)

**Pangalan ng Pasilidad:**

**Address:**

**Tel.:**

●Upang maging handa sa emerhensiya, pag-usapan ito ng pamilya at gumawa ng plano kung paano makontak ang bawat isa, kung saan magkikita, at kung saan ang ligtas na daan papunta sa lgar ng evacuation.

**Listahan ng mga gamit pang-emerhensiya**

**[Mga bagay na dapat dalhin]**

**Ihanda ang mga sumusunod na mga bagay at ilagay sa backpack o iba pa sa oras ng evacuation.**

Tubig na nasa bote, radyo, damit, sapatos, pagkain, posporo o lighter, mga importanteng bagay, flashlight, first-aid kit, gamit pansulat, kapote, damit panlamig, tissue, at iba pang mga bagay na kinakailangan sa pang-araw-araw.

**[Reserba para sa Emerhensiya]**

**Ihanda ang mga sumusunod upang makaligtas ng 3 araw matapos ang lindol.**

Kandila, portable gas cooker, solid fuel, tubig na maiinom (na nasa plastic container o iba pa, mga 3 litro para sa 1 araw sa 1 katao), at pagkain.

## Upang Makontak ang Miyembro ng Pamilya

**●Ang NTT Disaster Emergency Message Dial ay nakalaan.**

| Kung mag-re-record ng mensahe | Kung pakikinggan ang mensahe |
|---|---|
| 171 | 171 |
| ↓(Guidance na nasa wikang Hapon) | ↓ |
| 1 | 2 |
| ↓(Guidance na nasa wikang Hapon) | ↓ |
| Numero ng telepono (fixed-line) ng taong nasa area ng sakuna: (xxx)-xxx-xxxx | |
| ↓(Guidance na nasa wikang Hapon) | ↓ |
| 1 # | 1 # |
| ↓(Guidance na nasa wikang Hapon) | ↓ |
| Mag-iwan ng mensahe (sa loob ng 30 segundo) | Pakinggan ang mensahe |
| ↓(Guidance na nasa wikang Hapon) | ↓ |
| 9 # | 9 # |
| ↓(Guidance na nasa wikang Hapon) | ↓ |
| Wakas | |

● Ang mga kompanya ng mga cell-phone ay nagbibigay din ng disaster massage board service sa oras ng emerhensiya.

## Mga Serbisyong Sanggunian

Ang mga wikang nakalaan para sa serbisyo ay iba sa bawat lugar at araw sa loob ng linggo. Tumawag para sa mas malawak na impormasyon.

**●Mga Serbisyong pang- Prefecture**

Bukas mula Lunes hanggang Biyernes, 9:00 hanggang 12:00, at 13:00 hanggang 16:00.

- Kanagawa Kenmin Center ………… 045 (312) 1121
- Ken-o Region Prefectural Administration Center ………… 046 (221) 5774
- Kawasaki Kenmin Center ………… 044 (549) 0047

**●Serbisyong Medikal na Interpretasyon**

Tinatanggap ang paghingi sa serbisyo mula Lunes hanggang Biyernes, 9:00 hanggang 12:00, at 13:00 hanggang 16:00.

- MIC Kanagawa ………… 045 (317) 8803

**●Mga Munisipyo ng Serbisyong Sanggunian**

- Yokohama Association for International Communication and Exchange ………… 045 (222) 1209
- Kawasaki International Association ………… 044 (435) 7000
- Yokosuka International Association ………… 046 (827) 2166
- Hiratsuka City Office ………… 0463 (21) 8764
- Fujisawa City Office ………… 0466 (25) 1111
- Chigasaki City Hall (kinakailangan ng appointment ) ………… 0467 (82) 1111
- Atsugi City Office ………… 046 (225) 2100
- Yamato International Association ………… 046 (260) 5126
- Sagamihara City Hall ………… 042 (769) 8319
- Hadano City Office ………… 0463 (82) 2001
- Yugawara Town Office ………… 0465 (63) 2111
- Aikawa Town Office ………… 046 (285) 2111